

Gabay sa Childcare Allowance ng mga Solong Magulang (Jido Fuyo Teate)

Childcare Allowance Program para sa mga Solong Magulang

Ang childcare allowance, o tulong pinansiyal sa pag-aalaga ng mga bata para sa mga solong magulang, ay ibinibigay sa mga tahanan kung saan ang bata ay hindi natutustusan mula sa income o kinikitang pera ng ina o ama dahil sa diborsyo o iba pang sitwasyon (single-parent households). Ito ay upang masuportahan ang matatag at malayang pamumuhay ng mga nasabing tahanan at maitaguyod ang kapakanan ng mga bata.

1. Kuwalipikasyon

Ang childcare allowance para sa mga solong magulang ay ipinagkakaloob sa mga ama, ina, o taong tumatayong magulang na nagpapalaki ng batang kabilang sa mga sumusunod na kategorya at hindi pa lumalagpas ang ika-31 ng Marso matapos ang 18 taong kaarawan.

Kung ang bata ay may malubhang pisikal o mental na kapansanan, ang allowance ay matatanggap hanggang sa maging 20 taong gulang ang bata.

- (1) Mga batang hindi natutustusan mula sa income ng kaniyang ama o ina dahil sa diborsyo ng kaniyang mga magulang
- (2) Mga batang pumanaw ang ama o ina
- (3) Mga batang ang ama o ina ay may malalang kapansanan (kadalasan ay mga taong nakatatanggap ng Class 1 disability pension o may physical disability certificate para sa Class 1 o Class 2 disability)
- (4) Mga batang hindi alam kung buhay pa o pumanaw na ang kanilang ama o ina
- (5) Mga batang tuloy-tuloy na inabandona ng ama o ina nang higit sa isang taon
- (6) Mga batang ang ama o ina ay nakatanggap ng DV protection order mula sa korte
- (7) Mga batang ang ama o ina ay tuloy-tuloy na nakakulong nang higit sa isang taon
- (8) Mga batang isinilang nang hindi kasal ang magulang
- (9) Mga batang ang mga magulang ay nawawala

Ang childcare allowance para sa mga solong magulang ay hindi ibinibigay sa mga sumusunod na sitwasyon.

- (1) Ang bata ay walang address sa Japan
- (2) Ang bata ay ipinagkatiwala sa welfare institution o bahay-ampunan
- (3) Ang bata ay inaalagaan ng asawa (kabilang ang kinakasama o common-law spouse) ng nag-apply na magulang (hindi kabilang ang mga kaso kung saan ang ama o ina ay may kapansanan)
- (4) Ang magulang o tagapag-alaga ng bata ay walang address sa Japan

Mangyaring tandaan ang ugnayan sa pagitan ng pampublikong pensyon at childcare allowance para sa mga solong magulang!

Ang mga nag-a-apply ng childcare allowance para sa mga solong magulang na nakatatanggap din ng pampublikong pensyon o nakatatanggap ang mga anak o asawa ng pampublikong pensyon ay maaaring maging hindi kuwalipikadong tanggapin ang allowance, bahagi man nito o ang kabuuan, depende sa halaga ng kanilang pensyon. Mangyaring tandaan na ang mga taong nakatatanggap ng pampublikong pensyon habang tumatanggap ng childcare allowance para sa mga solong magulang ay maaaring pakiusapang ibalik ang labis sa natanggap nilang allowance.

2. Mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon

(1) Rehistro ng pamilya na nagpapakita ng iyong pangalan bilang ama o ina (o tagapag-alaga) ng bata at ang pangalan ng bata (maaaring magkahiwalay na rehistro)

* Kung ang iyong kuwalipikasyon para sa childcare allowance ay dahil sa diborsyo, ang petsa ng diborsyo ay dapat na nakalagay sa rehistro. Kung hindi, kailangan mo ring magsumite ng rehistro na nagpapakita ng petsa.

* Sa kaso ng diborsyo mula sa isang dayuhan, kinakailangan ang sertipiko ng diborsyo, sertipikong nagpapatunay na walang hadlang sa pag-aasawa, o iba pang katulad na dokumento na inilabas ng konsulado, embahada o korte ng dayuhang bansa (na may kasamang pagsasalin sa wikang Hapon)

(2) Passbook ng institusyong pampinansiyal kung saan mo nais matanggap ang allowance

* Magsumite ng kopya ng pahina kung saan naka-print ang pangalan ng institusyong pampinansiyal at ng sangay nito. Kung hindi magpapasa ng kopya, maaaring gumawa ng kopya ang service desk sa munisipyo ng lungsod.

(3) Pension book

* Kung ikaw ay nakatatanggap ng pampublikong pensyon, maaaring magsumite ng sertipiko ng pensyon o iba pang dokumento na nagpapatunay ng kasalukuyang halaga ng iyong pensyon.

(4) Kopya ng kasunduan sa pagpapaupa kung ikaw ay nakatira sa isang inuupahang apartment o bahay.

(5) Dokumento na nagpapakita ng iyong indibidwal na numero (My Number) bilang aplikante o indibidwal na numero ng iyong anak o tagasuporta sa ilalim ng tungkulin^{*1} at isang dokumento na nagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan^{*2}.

*1 Individual number card, individual number notification card, sertipiko ng paninirahan na nagpapakita ng iyong indibidwal na numero, atbp.

*2 Lisensya sa pagmamaneho, pasaporte, photo ID, sertipiko ng kapansanan, residency card, atbp.

Kung wala ng kahit isa sa mga dokumentong ito, maaaring magsumite ng dalawa sa sumusunod na dokumento: health insurance card, basic resident register card, sertipiko ng pensyon, pension book, sertipiko ng special childcare allowance, atbp.

(6) Income taxation certificate (maaaring hindi isumite kung maibibigay ang My Number)

* Ang isang personal na dokumento ng pagkakakilanlan (lisensya sa pagmamaneho, health insurance card, pasaporte, atbp.) ay kinakailangan kapag mag-a-apply para sa income taxation certificate.

* Ang isang sertipikong nag-expire o wala nang bisa ay hindi na maaaring isumite bilang patunay na dokumento.

Paalala: Depende sa dahilan ng iyong kuwalipikasyon upang makatanggap ng childcare allowance para sa mga solong magulang, maaaring kailanganin mong magsumite ng iba pang mga karagdagang dokumento bukod sa mga nabanggit sa itaas.

Mangyaring tandaan din na bilang patakarán, ang aplikasyon para sa allowance ay hindi maaaring gawin kung nakatira sa parehong tirahan ang iyong dating asawa, kung nakatatanggap ka ng pinansiyal na suporta mula sa iyong dating asawa, o kung kayo ay nagsasama nang live-in at sakop ng common-law marriage. Kahit na mag-apply, hindi ka ituturing na kuwalipikadong makatanggap ng allowance.

* Kahit na ikaw ay sertipikado na kuwalipikadong makatanggap ng allowance, maaaring hindi mo ito matanggap nang buo, depende sa iyong income.

3. Pagbabayad ng allowance

Kung ikaw ay sertipikado na kuwalipikado, matatanggap mo ang allowance simula sa susunod na buwan matapos mong mag-apply. Sa Enero, Marso, Mayo, Hulyo, Setyembre, at Nobyembre (sa ika-11 ng bawat buwan at sa araw bago nito kung ang ika-11 ay isang Sabado, Linggo, o *holiday*), ang halaga para sa nakaraang buwan bago ang buwan kung kailan ibibigay ang allowance ay ipapasok sa account ng institusyong pinansiyal na iyong inilagay.

4. Halaga ng allowance

Buwanang Halaga		
Bilang ng mga kuwalipikadong bata	Kabuuang bayad	Paunang bayad (10 yen na dagdag sa bawat pagkakataon ayon sa income)
Unang anak	42,910 yen	42,900 – 10,120 yen
Ikalawang anak	10,140 yen	10,130 – 5,070 yen
Ikatlong anak at ang mga susunod pa (kada bata)	6,080 yen	6,070-3,040 yen

Ang halaga ng *allowance* hanggang sa Oktubre ng susunod na taon ay nalalaman batay sa iyong kita sa nakaraang taon. Partikular na kinakalkula gaya ng sumusunod:

Unang anak: Halaga ng allowance = 42,900 yen – (income ng aplikante – halaga ng income limit) x 0.0229231

Ikalawang anak: Halaga ng allowance = 10,130 yen – (income ng aplikante – halaga ng income limit) x 0.0035385

Ikatlong anak pataas: Halaga ng allowance = 6,070 yen – (income ng aplikante – halaga ng income limit) x 0.0021189

*Ang mga halaga ay naka-round off sa pinakamalapit na sampu

Mangyaring tandaan na maaaring hindi mo matanggap ang allowance nang buo, depende sa iyong income o sa income ng iyong tagasuportang nasa ilalim ng tungkulin (magulang, kapatid, atbp. na kasama mo sa iyong tirahan).

Halaga ng Income Limit

Kategorya	Aplikante			Asawa o
	Ama, Ina o Tagapag-alaga		Tagapag-alaga ng naulila, atbp.	Tagasuportang nasa ilalim ng tungkulin
	Income limit para sa kabuuang bayad	Income limit para sa parsiyal na bayad	Income limit	Income limit
0	490,000 yen	1,920,000 yen	2,360,000 yen	2,360,000 yen
1	870,000 yen	2,300,000 yen	2,740,000 yen	2,740,000 yen
2	1,250,000 yen	2,680,000 yen	3,120,000 yen	3,120,000 yen
3	1,630,000 yen	3,060,000 yen	3,500,000 yen	3,500,000 yen
4	2,010,000 yen	3,440,000 yen	3,880,000 yen	3,880,000 yen
5	2,390,000 yen	3,820,000 yen	4,260,000 yen	4,260,000 yen

* Para sa mga sumasahod, ang halaga ng income ay ang halaga pagkatapos kaltasan ang kinitang income.

* Kung ang kuwalipikadong tatanggap ay ang ama o ina ng bata, ang halaga ng income ay ang halaga kung saan idinagdag ang katumbas ng 80% na gastusin sa pag-aalaga ng bata.

* Ang mga tinutukoy na tagasuportang nasa ilalim ng tungkulin ay ang mga taong isinalarawan ng Civil Code Article 877, Paragraph 1 (direktang linya na kamag-anak sa dugo at kapatid).

* Mga 16 taong gulang pababa na idineklara bilang dependent o sustentadong kamag-anak sa income tax return ay kasama sa bilang ng mga dependent na kamag-anak.

Mga Ikinakaltas sa Income

Kaltas	Halaga ng Kaltas
Matandang dependent	100,000 yen
Asawang kuwalipikado para sa kaltas ng matanda	100,000 yen
Tukoy na dependent na kamag-anak at dependent na kamag-anak na kuwalipikado para sa kaltas	150,000 yen
Espesyal na kaltas para sa mga may kapansanan	400,000 yen
Kaltas para sa mga may kapansanan	270,000 yen
Kaltas para sa mga nagtatrabahong mag-aaral	270,000 yen
Kaltas para sa mga biyudo	270,000 yen
Espesyal na kaltas para sa mga balo	350,000 yen
Kaltas para sa mga casualty loss o hindi inaasahang insidente	Halagang katumbas ng kaltas
Kaltas para sa medikal na gastusin	
Kaltas para sa mga mutual aid premium ng maliliit na negosyo	
Espesyal na kaltas para sa asawa	
Flat deduction	80,000 yen

* Kung ang asawa o dependent ay dependent na matanda, 60,000 yen ang makakaltas.

(Kung mayroong dalawa o higit pang dependent na kamag-anak at ang isa o higit pa sa mga ito ay matanda, 60,000 yen ang makakaltas kada matandang dependent.) (Kung matanda lahat ang mga dependent na kamag-anak, 60,000 yen ang makakaltas kada tao maliban sa isa.)

* Ang “Asawang kuwalipikado para sa kaltas ng matanda” at “Tukoy na dependent na kamag-anak at dependent na kamag-anak na kuwalipikado para sa kaltas” ay para lamang sa ama, ina, o tagapag-alaga ng bata.

* Ang “Dependent na kamag-anak na kuwalipikado para sa kaltas” ay tumutukoy sa mga taong mas matanda sa 16 taong gulang at mas bata sa 19 taong gulang noong ika-31 ng Disyembre na kayang punan ang ilang partikular na kinakailangan.

- Ang “Kaltas para sa mga biyudo” at “Espesyal na kaltas para sa mga balo” ay tumutukoy lamang sa mga tagapag-alaga, tagasuportang nasa ilalim ng tungkulin, tagapag-alaga ng mga naulila, atbp.

- Ang “Flat deduction” ay ang 80,000 yen na ikinakaltas sa lahat mula sa halaga ng income ng mga tumatanggap ng allowance bilang halagang katumbas ng social insurance premium.

5. Parsiyal na bayad

Kung ikaw ay nakatatanggap ng allowance bilang ama o ina ng bata, ang halaga ay mababawasan nang kalahati pagkalipas ng 7 taon mula sa unang araw ng buwan kung kailan mo nakumpleto ang mga kinakailangan upang makatanggap ng allowance o pagkalipas ng 5 taon mula sa unang araw ng buwan kung kailan mo natanggap ang allowance.

Gayunpaman, kung kuwalipikado ka sa alinman sa mga sumusunod na dahilan, maaaring ikaw ay maging sakop ng exemption, o hindi ka sasailalim sa pagbabawas ng allowance, sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga hinihinging form o kaugnay na dokumento.

[Mga halimbawa ng dahilan para sa exemption]

- Nagtatrabaho ka o kasalukuyang naghahanap ng trabaho
- May kapansanan ka o wala kang kakayahang magtrabaho dahil sa sakit o pinsala sa katawan
- Kailangan mong mag-alaga ng miyembro ng iyong pamilya na may kapansanan o sakit

[Proseso sa pag-a-apply para sa exemption]

Ang “Mahalagang paunawa na kaugnay ng pagtanggap ng childcare” ay ipinapadala sa lahat ng kuwalipikado o sakop ng exemption. Kung matatanggap mo ang paunawang ito, pakibasa ito nang mabuti at mag-apply para sa exemption kung kinakailangan.

Mangyaring tandaan din na ang “Abiso ng exemption” ay kailangang isumite kasama ng “Ulat ng kasalukuyang kalagayan” na ipinapasa kada Agosto.

6. Mga pagbabago sa halaga ng allowance

Ang halaga ng allowance na iyong matatanggap ay maaaring magbago kung mangyari ang alinmang sumusunod na sitwasyon sa loob ng panahong tumatanggap ka ng allowance.

- (1) Kapag mayroon pang dagdag na kuwalipikadong bata: Sa pamamagitan ng pagsusumite ng “Kahilingan upang baguhin ang halaga ng allowance,” ang halaga ng allowance na iyong matatanggap ay madadagdagan mula sa buwan kasunod ng buwan kung kailan mo isinumite ang kahilingan.
- (2) Kapag mababawasan ng isang kuwalipikadong bata: Sa pamamagitan ng pagsusumite ng “Abiso sa pagbabago ng halaga ng allowance,” ang halaga ng allowance na iyong matatanggap ay mababawasan mula sa buwan kasunod ng buwan kung kailan ito naganap.
- (3) Kapag nagsimula ka nang makatanggap ng pampublikong pensyon o kapag ang halaga ng pampublikong pensyon ay nag-iba: Siguraduhing magsumite ng “Abiso sa pagtanggap ng benepisyo mula sa pampublikong pensyon.” Kung ikaw ay nakatatanggap ng pampublikong pensyon habang tumatanggap ng childcare allowance para sa mga solong magulang, maaaring ipabalik sa iyo ang labis na halagang ibinigay sa iyo.

7. Mga form na kailangang isumite ng mga tagatanggap

Ang mga tumatanggap ng allowance ay kailangang magsumite ng mga sumusunod na form. Siguraduhing maisumite ang lahat ng ito. Kung hindi, tandaan na maaaring suspendihin ang pagbibigay sa iyo ng allowance.

- (1) Ulat ng kasalukuyang kalagayan: Ito ay kailangang isumite bawat taon sa pagitan ng unang araw at ika-31 ng Agosto para sa screening ng mga kinakailangan sa pagbabayad. Kung hindi ito maisusumite, hindi mo matatanggap ang allowance pagkatapos ng Nobyembre. Kung hindi mo maisumite ang form sa loob ng dalawang taon, mawawala ang iyong kuwalipikasyong matanggap ang allowance.
- (2) Abiso sa pagkawala ng kuwalipikasyon: Isumite ang form na ito kapag hindi ka na kuwalipikadong makatanggap ng allowance.
- (3) Abiso sa pagpanaw ng tagatanggap: Ang taong may legal na tungkuling magbigay-abiso ang dapat magsumite ng form na ito kung mangyaring pumanaw ang tagatanggap ng allowance.
- (4) Abiso ng pagbabago: Kailangang magsumite ng mga abiso ng pagbabago kung may anumang pagbabago sa iyong pangalan, tirahan, institusyong pinansiyal para sa pagtanggap ng allowance, atbp.
- (5) Ulat sa pagkawala ng sertipiko: Isumite ang form na ito kung nawala ang iyong sertipiko ng allowance.
- (6) Aplikasyon para sa muling pagbibigay ng sertipiko: Isumite ang form na ito kung napunit o nasira ang iyong sertipiko ng allowance.
- (7) Abiso sa pagtanggap ng benepisyo ng pampublikong pensyon: Isumite ang form na ito kung mayroong pagbabago sa halaga ng iyong pampublikong pensyon.

8. Pagkawala ng kuwalipikasyon

Sa mga sumusunod na sitwasyon, mawawala ang iyong karapatang makatanggap ng allowance, at kailangan mo itong ipagbigay-alam kaagad sa kaugnay na opisina.

* Kung mawala ang iyong karapatang makatanggap ngunit hindi mo ito naipagbigay-alam sa kaugnay na opisina at patuloy na tumatanggap ng allowance, ipabalik sa iyo ang kabuuang halaga na iyong natanggap.

- (1) Kung ikaw ang ina o ama ng bata at ikaw ay ikinasal.
(Kabilang dito hindi lamang ang mga legal na kasal, kung hindi pati na rin ang pagsasama nang live-in o common-law marriage at pagsasama sa iisang income)
- (2) Nagkaroon ng pakikipag-ugnayan, pagbisita, o pagpapadala ng pera mula sa ama ng batang umabandona rito.
- (3) Napalaya ang ama ng bata mula sa pagkakakulong (o pinakawalan sa parole)
- (4) Ang bata ay tutustusan ng magulang na hindi tumatanggap ng allowance
- (5) Ang bata ay ipinasok sa isang welfare facility

- (6) Ang bata ay mamumuhay nang hiwalay sa ama o tagapag-alaga nito
- (7) Iyong pinabayaan ang kustodiya ng bata bilang magulang
- (8) Pumanaw ang bata
- (9) Ang mga kuwalipikasyon upang makatanggap sa panahon ng sertipikasyon ay hindi na totoo (pag-abandona na nagresulta sa diborsyo, pagkakakulong na nagresulta sa diborsyo, atbp.)

9. Iba pang subsidiya

Kung ikaw ay kuwalipikado sa mga sumusunod na subsidiya, mangyaring mag-apply kaagad.

☉ Childcare allowance (Jido Teate)

Ang childcare allowance ay ibinibigay sa mga taong nagpapalaki ng batang nasa ikatlong baitang ng junior high school o mas bata pa. Siguraduhing mag-apply. Kung ang iyong dating asawa ang tumatanggap sa allowance na ito, mangyaring mag-apply pagkatapos na isumite ng iyong dating asawa ang “Abiso sa pagkawalang bisa ng kadahilanan.”

☉ Subsidiya sa gastusing medikal para sa mga pamilyang may solong magulang

Ang mga taong may karapatang tumanggap ng childcare allowance para sa mga solong magulang ay kadalasang nasasaklaw ng subsidiya sa gastusing medikal para sa mga pamilyang may solong magulang. Para sa mga detalye kung paano mag-apply, makipag-ugnayan sa kawani ng Welfare and Medical Fee sa Health Medication Subsidy Division (City Hall Main Building 1st floor, Counter No. 5).

* Mangyaring tandaan na mayroon ding income limit ang subsidiya sa gastusing medikal para sa mga pamilyang may solong magulang.

Para sa mga Katanungan: Child Rearing Assistance Officer, Child Rearing Assistance Division,

Health and Welfare Department, Tsu City

059-229-3155